

Ang 2020 Senso sa isang Sulyap

Binibilang ang bawat isa, nang isang beses lamang, at sa tamang lugar.

Ang Kawanihan ng Senso ng U.S ay ang pinakamalaking ahensiya sa estadistika ng pederal na pamahalaan. Nakatuon kami sa pagbibigay ng mga kasalukuyang impormasyon at bilang tungkol sa mga tao, lugar, at ekonomiya ng Amerika. Pinoprotektahan ng pederal na batas ang pagiging kompedensiyal ng lahat ng indibidwal na sagot na kinokolekta ng Kawanihan ng Senso.

Inaatas ng Konstitusyon ng U.S. na aming bilangin—o magkaroon ng senso—ng populasyon ng Amerika kada dekada.



- Nagbibigay ang senso ng mahalagang impormasyon para sa iyo at sa iyong komunidad.
- Tinutukoy nito kung ilang kinatawan sa Kongreso ang makukuha ng bawat estado at ginagamit upang muling ayusin ang mga hangganan ng distrito. Ang bilang ng muling pag-distrito (redistricting count) ay ipapadala sa mga estado bago sumapit ang Marso 31, 2021.
- Dumedepende ang mga komunidad sa estadistika ng senso upang magplano para sa iba't ibang pangangailangan ng naninirahan kabilang ang mga bagong kalsada, paaralan, at mga serbisyong emerhensiya.
- Maaaring gamitin ng mga negosyo ang data ng senso upang tukuyin kung saan magbubukas ng negosyo.

Bawat taon, namamahagi ang pederal na pamahalaan ng higit sa \$675 bilyon sa mga estado at komunidad batay sa data ng Kawanihan ng Senso.

Sa 2020, ipapatupad namin ang bagong teknolohiya para mas madali pa kaysa dati ang pagsagot sa senso. Sa kauna-unahang pagkakataon, makakasagot ka online, sa pamamagitan ng telepono, at pati na rin sa pamamagitan ng sulat. Gagamitin namin ang data na ibinigay na ng publiko upang bawasan ang mga follow-up na pagbisita. At, bumubuo kami ng tumpak na listahan ng address at ginagawang awtomatiko ang mga operasyon sa field—lahat ng ito habang pinapanatiling kompedensiyal at ligtas ang iyong impormasyon.

[2020CENSUS.GOV](https://2020census.gov)

MGA PANGUNAHING TAGUMPAY

- 2018**
 - Pagsusuri sa Lahat ng Yugto ng Proseso ng Senso ng 2018 (2018 End-to-End Census Test)
 - Ininumite sa Kongreso ang mga katanungan sa 2020 Senso bago sumapit ang Marso 31, 2018
 - Binuksan ang anim na opisina ng 2020 Senso sa rehiyon at 40 opisina ng senso sa lugar (area census office)
- 2019**
 - Inilunsad ang mga aktibidad sa sosyohan
 - Itinaguyod ang mga Komite ng Kumpletong Pagbilang (Complete Count Committee)
 - Personal na ina-update ng mga tagakuha ng Senso ang listahan ng address
 - Binuksan ang natitirang 248 opisina ng senso sa lugar
- 2020**
 - Magsisimula ang pag-aanunsiyo sa Enero 2020
 - Magsisimula ang pagsagot (online, telepono, o sulat) ng publiko
 - **Araw ng Senso—** Abril 1, 2020
 - Bibisitahin ng mga kumukuha ng Senso ang mga sambahayang hindi pa sumasagot
 - Ipapadala sa Presidente ang mga bilang ng pagbabahagi bago sumapit ang Disyembre 31, 2020
- 2021**
 - Ang bilang ng muling pag-distrito (redistricting count) ay ipapadala sa mga estado bago sumapit ang Marso 31, 2021

Bigyang hugis
ang inyong
kinabukasan
MAGSIMULA DITO >

United States®
Census
2020

Pangkalahatang-ideya ng Mga Programa ng Kawanihan ng Senso


MGA SENSO

- Ang **kadekadang senso** ay ang isang beses na pagbibilang kada dekada sa populasyon at pabahay ng lahat ng 50 estado, ng Distrito ng Columbia, Puerto Rico at Island Areas (Mga Lugar sa Isla). Inaalam ng mga resulta ng senso ang bilang ng upuan para sa bawat estado sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. at ginagamit para ayusin ang mga lehislatibong distrito ng kongreso at estado. Ginagamit ng mga pederal na ahensiya ang mga resulta para ipamahagi ang higit sa \$675 bilyong pederal na pondo kada taon.
- Sinusukat ng **senso sa ekonomiya** ang ekonomiya ng bansa kada limang taon, na nagbibigay ng mahalagang estadistika para sa halos lahat ng industriya at heograpikong lugar sa bansa.
- Nagbibigay ang **Census of Governments (Senso ng Mga Pamahalaan)** ng komprehensibong data tungkol sa 90,000 pang-estado at lokal na pamahalaan sa bansa kada limang taon.

MGA SURVEY

- Ang **American Community Survey** (ACS, Pagsisiyasat ng Komunidad ng Amerika) ay isang nagpapatuloy na pambansang survey—kumukuha ng sample ng humigit-kumulang 3.5 milyong address kada taon—na nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa pabahay at mga tao ng ating bansa. Tanging ang ACS ang mapagkukunan ng maikukumpara at may kalidad na impormasyon tungkol sa mga tao sa ating mga komunidad. Ipinapakita ng mga data na ito kung ano ang itsura ng populasyon ng U.S. at kung paano ito nagbabago. Ginagamit ang data ng ACS para suriin ang nakaraan at ang kasalukuyan at upang magplano para sa hinaharap.
- Sinusukat ng mga **pandemograpikong survey** ang kita, kahirapan, edukasyon, saklaw ng insurance para sa kalusugan, kalidad ng pabahay, pambibiktima ng mga krimen, paggamit ng computer, at maraming iba pang paksa.
- Isinasagawa ang mga **pang-ekonomiyang survey** kada buwan, tatlong buwan, at taon. Sinasaklaw ng mga ito ang mga piling sektor ng ekonomiya ng bansa at pinupunan ang senso ng ekonomiya ng mas madalas na impormasyon tungkol sa nagbabago-bagong ekonomiya. Bumubuo ang mga survey na ito ng higit sa 400 taunang ulat sa ekonomiya, kabilang ang mga pangunahing panukat ng ekonomiya.
- Ang mga **Inisponsor na survey** ay mga survey ng demograpiya at ekonomiya na isinasagawa namin para sa ibang ahensiya ng pamahalaan. Kabilang sa mga iyon ang Current Population Survey (Survey ng Kasalukuyang Populasyon), National Health Interview Survey (Panayam na Survey sa Kalusugan ng Bansa), at ang National Survey of College Graduates (Pambansang Survey ng Mga Nagtapos ng Kolehiyo).

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa **census.gov**.
I-follow kami sa **@uscensusbureau**
Makipag-ugnayan sa amin sa:



Protektado ng batas ang iyong impormasyon

Inaatas ng batas sa Kawanihan ng Senso na panatilihin kompedensiyal ang iyong impormasyon at gamitin ang iyong mga sagot para lamang bumuo ng mga estadistika. Hindi namin maaaring ilabas sa publiko ang iyong mga sagot sa paraang maaaring makapagpakilala sa iyo. Hindi namin kailanman ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng imigrasyon tulad ng ICE, mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas tulad ng FBI o pulisya, o pahintulatang magamit ito para tukuyin ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo ng pamahalaan.

Ang Aming Misyong

Na magsilbi bilang nangungunang tagapagkaloob ng may kalidad na data ng bansa tungkol sa mga tao at ekonomiya nito.

Ang Aming Bisyon

Na maging ang pinagkakatiwalaang mapagkukunan ng napapanahon at mahalagang impormasyon ng estadistika, at ang lider sa impormasyong pinatatakbo ng data.

Kasaysayan ng Senso

Ipinag-utos ni Thomas Jefferson ang unang kadekadang senso noong 1790. Ayon sa inaatas ng Konstitusyon ng U.S., mula noon ay nagsagawa ng senso kada 10 taon. Noong 1840, inawtorisahan ng Census Act (Batas sa Senso) ang pagtataguyod ng sentralisadong Opisina ng Senso. Noong 1902, ang Opisina ng Senso ay naging permanenteng organisasyon sa loob ng Department of Interior (Kagawaran ng Interyor). Pagkalipas ng isang taon, binago ang pangalan nito sa Kawanihan ng Senso (Bureau of the Census) at inilipat sa bagong Department of Commerce and Labor (Kagawaran ng Kalakalan at Paggawa).

Bigyang hugis
ang inyong
kinabukasan
MAGSIMULA DITO >

United States®
Census
2020